

# FPRRD: "Malaking gulo" sa Kongreso!


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563


domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com


VOLUME 2 NO. 13 10.00 DECEMBER 25 - 31, 2023


## Sir Vale Encabo: Tunay na mahal na mahal pa rin ng kababayang Dasmarinenos!



BUSISIIN NATIN

# Marcos gets P1.4B for his 2024 travel budget

President Ferdinand Marcos Jr. is allocated P1.408 billion for his 2024 travel budget, marking a substantial 58% increase from the previous year's allocation.

The allocated travel funds is contained in the General Appropriations Act of 2024.

The big amount of PBBM travel budget triggers questions about the reasons behind the significant budget hike.

Communications Secretary Cheloy Garafil justifies the rise, attributing it to numerous overseas invitations, aiming to leverage the trips for foreign investments and enhance the country's international standing.

Marcos Jr. will get P1.408 billion under the 2024 national budget to finance his local and overseas trips.

The amount that Congress allotted for presidential travel under Republic Act No. 11975, or the General Appropriations Act of 2024, is 58% higher than Marcos' P893.57-billion allocation for this year.

Marcos traveled overseas 12 times in 2023, starting with a state visit to China in January and ending with a trip to Japan this month for the Asean-Japan Commemorative Summit.

Garafil said Marcos' overseas trips are "great opportunities to generate more foreign investments."

"At the same time, the administration also hopes to elevate the country's position in the international community through stronger bilateral ties and improved relations with multilateral or international organizations," she added.




## Sa Bacoor City: Bawal paputok!

Malaki ang multa sa mga mahuhuling gumagawa, nagbebenta, at gumagamit ng paputok o anomang katulad nito sa Lungsod ng Bacoor.

Kung mahuli na may ingat o dalang paputok, P3,000 and multa, at sa mga vendor, multa ay P5,000.

Kung gumagawa ng paputok, P5,000 rin ang multa, sabi ng pamahalang lungsod.

May ordinansa ang lungsod sa pagbabawal sa paggamit ng paputok upang maiwasan ang aksidente at iba pang di-inaasahang pangyayari, tulad ng sunod, pagkapinsala sa katawan at iba pa.

"Ipagdiwang natin ang Bagong Taon nang ligtas ang bawat isa sa atin," sabi ni Mayor Strike Revilla.

Ito ang mga ibinabawal na paputok:

1. Rebentador; 2. Plapla; 3. Bawang; 4. Watusi; 5. Fountain

6. Sinturon ni Hudas; 7. Ahas; 8. Whistle Bomb; 9. Milenyo; 10. Goodbye World; 11.Trumpilyo

Hinihikayat ni Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola ang lahat ng kababayan na makipagkaisa sa ipatutupad na ordinansa.

Sabi ng bise alkalde: "et's all welcome the New Year peacefully." /JANETH W.BILBAO



Mayor Strike Revilla



VM Rowena Bautista-Mendiola

# Attention pet guardians!

Mula sa opisina ni Maragondon Mayor Lawrence "Umbe" Arca at ng Municipal Publici Information Office, nagpaalaala sila na ingatan ang buhay ng mga alagang hayop sa pagdiriwang ng Bagong Taon.

Ayon sa alkalde at sa MPIO, sa inisyatiba ng Department of Health IDOH) makiisa sa panawagang "Bawat Buhay Mahalaga" na mga payo upang maingatan ang mga alagang hayop.

Sa mga aso, lalo na, ang paputok, matitinding ingay at kaguluhan ay nagbibigay ng iba-ibang reaksiyon sa kanila, tulad ng matinding takot, pagkabalisa, at pagkatuliro.

Minsan, sa sobrang stress, nagkakasakit ang mga aso at nagiging dahilan ng kanilang pagkamatay.

Paalala na ito sa mga pet guardians:

1. Keep them Indoors: Ito ay upang maiiwas sila sa ingay ng mga paputok at ingay sa paligid.

2. Establish a Safe Space. Mabuting ilagay sila sa isang tahimik na espasyo sa loob ng bahay.

3. Calming Wraps: Maaring kung nababalisa, balutin ng pampakalmang blangket, kamiseta para mapatahikim ang alagang aso.

4. Desensitization: Kung magagawa, bago ang putukan, sanayin na ang mga alaga sa ingay ng paputok upang di gaanyong mabalisa sa matitinding ingay sa Bagong Taon.

5. ID Tags: Ensure your pet's ID tags are up to date. Mahalaga ito upang mahanap agad ang alaga kung makawala sa matinding takot.

Paalala ng MaragodonPIO:By adopting these practices, you contribute to a comprehensive and caring approach to your pet's well-being,

Sabi paL Together, let's establish an environment where every life, including our pets', is valued and protected. / JANETH W. BILBAO



Mayor Lawrence "Umbe" Arca

## Mga "Marites" sa Naic



SA TOTOO LANG!

## Mas mabiyayang kaarawan po, Ka Domz!



Sa Ganang Akin

## Awardee na po tayo! --Mayor Salamat



REVANZE

## Ingat, daming scam sa hiring kuno sa Canada!



Here n There

**Mabuhay! Happy New Year 2024!**

# FPRRD: "Malaking gulo" sa Kongreso!

Sa maraming survey, lagi nang nasa top 5 si former presidente Rodrigo Roa Duterte o mas kilala sa tawag na "Tatay Digong" Duterte na mananalo, kung maisipang tumakbong senador o kongresista sa midterm elections sa 2025.

Maging ang maraming social media accounts, kasama ang mga kilalang pro-Duterte internet personalities, ay ibinabandera na hinahanap ng taumbahayn ang dating pangulo at ang paghikayat na wag munang magretiro sa politika at tumakbong senador.

Kung maiisipang tumakbong kongresista, tiyak ang panalo nito sa Davao City, sabi ng maraming netizen at political vlogger.

Sa kanyang vlog, sinabi ni Atty. Trixie Cruz-Angeles, kilalang pro-Duterte at dating Communications secretary ni Pres. Bongbong Marcos, sinabi nito na malaki ang posibilidad na tumakbo itong kongresista.

Mas mabuti, at sigurado ang pagbabalik nito sa politika kung kakandidatong kongresista.

Ani Atty. Trixie, hindi na kailangang mangampanya pa si Tatay Digong para manalo sa Davao City, at kung mangyaring maging miyembro ito ng House of Representatives, siguradong "riot" ito.

Wild card si Tatay Digong, sabi pa, at sigurado, "malaking gulo" siya sa Kongreso.

Nais nang manahimik na lang si Duterte, sabi ni Cruz-Angeles, pero dahil sa pagbanat sa kanya at sa anak nitong si Vice President Sara 'Inday Sara' Duterte ng mga kalabang kongresista, nasabi ni Tatay Digong na babalik siya sa politika.

Sa nakaraang political survey, laging naiisisingit ang pangalan ni Tatay Digong na posibleng manalo, kung sa 2025 ay maisip ngang bumalik sa politika.

Sa vlog ni Krizette Laureta Chu noong Agosto 2023 na mayroong mahigit sa 17,000 reactions at 300 shares, marami ang humikayat kay Duterte na mag-senador sa 2025.

Nag-viral ang larawan ni Duterte na may mensaheng: "I MISS YOU PRRD" at "BEST PRESIDENT EVER."

Marami ring sikat na vlogger tulad ni Maharlika, Sass Rogando Sasot -- na kilalang pro-Duterte at madalas na bumabanat sa administrasyong Marcos -- ay naniniwalang malaking "excitement" at maghahatid ng malaking takot sa mga "Tambaloslos" at korap sa gobyerno kung magiging senador o kongresista ang dating pangulo.

Anila, marami ang gustong bumalik sa politika si Duterte.

Iba pang vlogger tulad nina Mark Anthony Lopez at Pebbles Duque or Ma. Florinda Espenilla-Duque ang masugid na isinusulong ang pagbabalik sa politika ni Tatay Digong.

Isa pang vlogger, si Coach Jarret, na may libo-libong follower ang tumiyak na political comeback at panalo ng dating pangulo.

Any reactions, send them to domzcaoile@yahoo.com at sa taparaneliseo@gmail.com

# Sir Vale Encabo: Tunay na mahal na mahal pa rin ng kababayang Dasmarinenos!





## BUSISIIN NATIN
by tom halim

Belated happy birthday po, former Dasmarinas City Vice Mayor at Provincial Board Member, Sir Vale Encabo na talagang ginulat kami sa dami ng mga bumati at nakisaya sa kanyang kaarawan noong Disyembre 17.

Umabot sa mahigit na 4,000 at hindi na makaupo si Vale sa sunod-sunod na pagdating ng mga besita.

Sabi nga, talagang nag-enjoy ang mga bisita niya sa dami ng inihaing pagkain, litsong baka, baboy, manog, at iba-ibang masasarap na pagkain at inumin, prutas at panghimagas.

May entertainment pa, sayawan at kantahan at ng mga inimitang combo players at singers.

Happy Birthday po, Vice Mayor Vale.

@@@

Hindi pa rin mawala ang tanong: Ano ba talaga ang dahilan kaya maraming incumbent at magagaling na Dasmarinas Barangay captains ang sumemplang sa nakaraang BSK elections?

Sa kabila ng maayos at mahaba ring serbisyo ng mga nakaupong Kapitan na inabot pa ng lockdown gawa ng pesteng Covid-19 pandemic, natalo sila!

Tila nagsawa na, kung sa pagkain, naumay na ang mga botante at naisip na mamili ng iba naman at bago.

Nakakasawa na raw ang pagmumukha ng ilan sa mga dating nakaupo, naman, hahaha-ha.

Ayon sa aking mga palakang pagala-gala, ilan sa kanilang kapitan ay paminsan-minsan lang nag-oopisina sa barangay hall, at kung nandoon man, hindi makausap at may iba raw pinagkakabalahan --- ano kaya iyon, Boss Eli?

Iyon naman daw ilang kapitan, reklamo ng mga naka-marites ng aming palakang patalon-talon, kung maningil ng Barangay Clearance, mahal na, wala pang resibo at sabi ng ng mga brgy. secretary, ibinubulsa raw ni Kap.

At lintik, malaki ang bayad na parking fee sa mga bakanteng lugar sa barangay na wala rin daw resibo.

Hay, naku, kaya naman pala, Kap, sisihin mo ang sarili mo kung bakit ka natalo.

Sa mga nakaupong Kapitan, pagbutihin niyo ang serbisyo na masiyahan ang inyong kabarangyay, ano po?

Para sa inyong mensahe, comment lang sa tomhalim1957 @yahoo.com



Sa larawan: Kapitan Eleuterio Guimbaolibot at Kagawad Samuel Cata na masayang tinanggap ang Plake ng Pagkilala bilang mga tunay na miyembro ng Lions Club International Foundation. Iginawa ang plake nina Lions Valeriano S. Encabo, kaliwa katabi si Lions Narciso Vinegas,at Lions Gil Tiburcio Sergio.

# Mga "Marites" sa Naic



## SA TOTOO LANG!
by GENE T. TAN

Sa paggala ko, hehehe, I mean sa trabaho bilang news reporter at kolumnista ng pahayagang ito, siyempre, tumatambay tayo sa mga miting, conference at nakiki-'marites' sa mga umpukan.

Pag mga nanay ang kausap ko, taas ng presyo ng bilihin ang madalas na reklamo, at parang delubyo na pag may kapamilyang nagkakasakit, at tama ang madalas kong naririnig na, "mas nakakamatay ang (presyo) gamot, doctor, at ospital" kaysa sakit.

Ano na ba ang nangyari sa Universal Health Care program ng Duterte administration, wala pa ring nangyayari?

Naitanong sa akin ng isang kasama sa Naic Solo Parents Association, kung ano na ang nangyari sa pangakong Ospital ng Naic, at complete na raw pa ang ipinagagawang sanitary land fill sa aming bayan.

Wala akong maisagot, nasabi ko na lang, magtatanong ako sa taga-munisipyo at siguro, ginagawa na iyon.

E, totoo raw ba na tatakbong vice mayor si madam Jacinta Remulla na anak ni Justice Sec. Boying Remulla, wala naman akong maisagot, ang alam ko lang, pag may mga okasyon, tulad ng miting sa mga barangay, o may disaster na nangyari, mabilis na tumutulong si Madam Jacinta sa mga kababayan ko sa Naic.

Tatakbo raw vice mayor si Madam Jacinta, usap-usapan dito, e paano si Vice Mayor Jun Dualan, magkakalaban ba sila, e hindi raw kasi tatakbo raw mayor uli si Kuyang Jun.

Paano si Mayor Raffy Dualan, hindi na ba siya uulit na tumakbong mayor?

Ito lang ang naririnig kong imina-'Marites' sa munisipyo, e sa mga nagtatanong sa akin, hayaan nyo, pag nagkaroon ako ng time, pag nasa munisipyo ko, itatanong ko po ito kina Kuyang Raffy at Kuyang Jun.




Ms. Jacinta Remulla

Yan lang, ilang tulog na lang, kaya "Merry Christmas and a Prosperous New Year" sa ating lahat.

Kung may nais ipasulat, ipa-press release, o gustong mag-comment, sent them to: sarfia926@gmail.com



# Mas mabiyayang kaarawan po, Ka Domz!



## Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

Hayaang batiin ko ang isang ginoo na lagi na, kahit laging kinukuba ng maraming gastusin at problema sa pagpapatakbo ng pahayagang ito, hindi nakalilimot sa akin.

Ilang taon na na si Ka Domz, si Sir Caoile na ating BantayBalita publisher na sumapit ang 50-?th birhtday ngayong Dis. 29.

Happy birthday po, at nawa, pagpalain pa siya ng maraming taon.

Hindi kayang isatinig ko ang maraming pasasalamat sa kanyang kabutihan sa akin, basta ito lang: Mas maraming taon pa po ang dumating sa inyo, at ang aking prayers, anoman ang mga challenges na dumating sa inyon at nawa ay mapagtagumpayan at magpatuloy ang weekly publication ng BantayBalita.

Salut! More birthday to come, Sir Ka Domz!

@@@

Sa mga Kristiyano, lalo na sa pangkating Katoliko, Protestante, ang Disyembre 25, ang wika nga ay : Chirstmas is the most wonderful day of the year.

Tanging sa Pilipinas lamang sa buong Asia ipinagdiriwang ang Pasko, simula ng pagpasok ng "Ber months" na natatapos ng Enero 6 sa pagdiriwang ng Three Kings.

Kahit historically and biblically, hindi naman talaga Dis. 25 ang birthday ni Jesus sa Betlehem, hindi na mabubura sa kalendaryo ng tradisyong Christmas ng Dis. 25 na araw ng birthday ng Diyos ng mga Pagano sa Roma.

Kung tutuntunin ang Biblia at panahon noon nang isilang ang Dakilang Mananakop at Tagapagligtas, siguro mga buwan ng Marso, Abril o Mayo ang kapanganakan Niya.

Sa bukid, nang gabing isilang Siya sa sabsaban, ang mga tagapag-alaga ng tupa ay nasa bukid -- kung Disyembre, ang lugar na iyon, marahll ay nababalot na ng makapal na niyebe (snow).

Pag ganitong holidays, kahit dukha, nagpupumilit maghanda ng Noche Buena sa pagpitada ng alas 12 impunto ng Dis. 24 at pagpasok ng Dis. 25.

Ako, dalangin at pasasalamat sa Amang Diyos at kay CristoJesus ang ginawa ko sa aking munting silid at wish ko, lahat ng kasama ko sa pahayagang ito, sa lahat ng mga taong di-nakalilimot sa akin (sorry, marami kayo na hindi ko na isusulat kung sino-sino kayo, alam nyo sa inyong puso ang aking pasasalamat!), ang wish ko, mas mabiyayang mga araw sa darating na Taon 2024.

Muli kay Sir Domz, imbes na siya ang tumanggap ng regalo sa kanyang kaarawan, nagdaos siya ng Gift-Giving sa mahihirap na residente at mga bata sa Tabing Ilog sa Barangay Buhay na Tubig, sa opis ng BantayBalita, na pinasaya ang mga beneficiary sa inihandang food packs, toys at iba pa.

Kapos na nga siya, namimigay pa, nagse-share pa si Ka Domz sa kanyang kaarawan (Friday, Dec. 29)-- sobrang generous naman ang ginoong ito!

Panginoon po, Lord God, Lord Jesus Christ, salamat po sa Inyo at may ginoong tulad niya na binigyan Nyo ng pusong mapagmahal sa kapwa.

Pagpalain po Nyo siya at pahabain pa ang buhay para makapaglingkod pa sa Inyo at sa kapwa niya na mahihirap din.

Pasko o hindi, sa puso ni Ka Domz, araw-araw ay pagdiriwang sa kapanganakan ng ating Manunubos na Panginoong HesuKristo.

Next year, alam ko, anomang proyekto ng BantayBalita ay magiging mabiyaya, at ito po sana ay maipagkaloob ng Ama nating Diyos.

Saka na po ang politika, balita at iba pa, sa mga naniniwala sa Christmas, sumainyo ang pagpapala, at sa mga hindi, gayundin ang wish ko: more life, more love, more success to all of us.

Para sa inyong mensahe: arzmedia777@yahoo. com




## LETTER TO THE EDITORS

Pakiusap po, itago na lang nyo ang pangalan ko sa tawag na "Abused tenant o AT) na isang karaniwang government employee.

### Abusadong landlady

Talagang sobra na po ang ginagawang di-makatarungang paniningil at patuloy na pagtaas ng singil sa amin ng nirerentahan naming bahay sa isang subdibisyon dito po sa Barangay Buhay na Tubig, Imus City.

Grabe po, as in hindi na talaga justified at sonrang masakit magsalita kapag hindi naman nahuhusto ang renta namin every month.

Mula sa dating P15K monthly na upa namin (karaniwang bahay lang po ito, na maraming sira na ayaw ipagawa kahit panay ang reklamo namin), umabot na po ngayon sa singil na P25K ang ibinabayad namin sa landlay namin.

Mula nang umupa kami, kahit panay ang hingi namin ng resibo sa aming ibinabayad, ayaw niya magbigay at laging sinasabi, siya ang may authority at wala siyang pakialam sa batas na bawal magtaas ng upa sa mga renta o paunahang bahay.

Buwan-buwan, humihingi kami ng resbo sa aming ibinabayad, pero ayaw niyang magbigay.

Siya ang masusunod sa patakaran niya, kasi siya ang may-ari ng bahay, at kung ayaw kong sumunod, lumayas daw kami ng pamilya ko sa bahay niya.

So, nananihimik lang me...kasi nga wala ako laban bahay nya 'yun.

Kapag hindi ko nahusto ang P25K na upa, halimbawa ang pera ko ay P15K lang, ayaw niyang tanggapin kahit nangako ako na sa susunod kong sahod, ibibigay ko ang P10K, ayaw niyang tanggapin at pinalalayas na kami agad.

Masakit siyang magsalita sa amin pag nade-delay ang upa sa bahay.

Sa mga makababasa nito, may alam po ba kayo na malilipatan namin na malapit sa pinagtatrabahuhan ko sa Buhay na Tubig na mas mura at mas maayos na bahay na malilipatan.

Pakiusap, kung mayroon, paki email na lang po sa aming editor ng pahayagang ito, sa publisher at editor na nakalagay po ang kanilang cellphone at email sa staff box.

Salamat po, sa mga magbibigay ng payo.

Abused Tenant,

Buhay na Tubig, Imus City

(Mahalaga, ang mga sulat na ipinadadala sa pahinang ito ay aming iniedit kung may mga malisyosong bintang. Kung basta lamang criticism na walang batayan o evidensiya o documento, maaaring ilabas namin, pero iniingatan naming wag munang magbanggit ng mga pangalan at iba pang detalye. Mahalaga ay maiparating ang anomang daing o reklamo ng ating mambabasa. Kung may matibay na dokumentasyon at ebidensiya, at kung may public interest, handa kaming pangalanan ang mga taong inirereklamo. Salamat po. Editorial Desk)

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
Founder
DOMZ B. CAOILE
Publisher
ELI TAPARAN II
Editorial Consultant
ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director
GENE TAPARAN TAN
Chief of Reporters
JANETH W. BILBAO
Circulation Manager

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com
/ lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# DOST, PAPI talk on benefit of partnership on 27th National Press Congress in Fort Ilocandia

The huge success of the Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI) 27th National Press Congress held in Fort Ilocandia Resort Hotel, can be attributed to a good partnership with the Dept. of Science and Technology (DOST) and other organizations.

This was the gist in general, of the speeches of the agency officials and other science experts during the summit in Laoag City, Ilocos Norte last Dec. 11-13.

This year's theme "Media's crucial role in encouraging agricultural scientific and technological innovations in Local Government Units" benefit not only the farmers.

"In our pursuit of sustainable agriculture, media plays a crucial role that serves as a powerful tool for communicating, educating and motivating local communities not only in agriculture, science and technology but through different information that is accessible and relatable and have the potential to inspire widespread adaption of innovative farming practices," said Ilocos Norte Vice Gov. Cecilia Araneta Marcos, who represented Gov. Matthew Marcos Manotoc.

She further said that the collaboration between media and science and agriculture offers opportunities for the country's development.

The DOST has been leading the way in pioneering the advancement that could reform agriculture landscape, she told the audience of PAPI members and DOST officials from all over the country.

On the other hand, PAPI national president, Nelson Santos underscored the huge role of DOST through Secretary Renato U. Solidum, as Press Congress' keynote speaker. The agency, along with Ilocos Norte provincial government and Laoag City were among PAPI partners in organizing the summit.

Solidum in delivering his video message, said that DOST can't stand alone in bridging the gaps between the scientists and the grassroots.

"These gaps accelerate communication process and transfer technologies ...," he said. The success of DOST endeavors is into the dealings with the academe in the ability to communicate the significance of science and technology to the Filipino people.

Media people, he said are great allies in DOST advocacies.

Communication as Lifeblood of Progress

Meanwhile, Engr. Sancho A. Mabborang, DOST undersecretary for regional operations, who delivered his speech via Zoom, said "communication and the press play a highly pivotal role in the promotion of science, technology in an era defined by rapid advancements and groundbreaking discoveries, the need for communication cannot be overstated," adding that the power of the press can propel the society toward a future enriched by science, technology and innovations (STI).

Communication is considered the lifeblood of progress. The press considered as the fourth estate has an immense power to share public opinion, influence policy decisions and foster an information culture, that values and supports scientific development, according to Mabborang.

As communicators, the press can make complex scientific terms more accessible and understandable by the general public, the DOST official added.

Birth of PAPI

PAPI chairman emeritus Johnny Dayang, recalled how the organization was established in 1974 when there was no media organization yet and there were few newspapers. PAPI to this day, after 27 years, continues to struggle to serve the nation "and very active in expanding the frontier of press freedom," Dayang said. He was a former president or official of PAPI, Manila Overseas Press Club (MOPC)), National Press Club (NPC).

Sen. Robinhood C. Padilla, chairman of the Committee on Public Information and Mass Media, whose video message was played to about 150 Congress guests, cited the importance the media plays in information dissemination.

"Ating tandaan ang mahalagang papel ng media sa pamamahayag ng impormasyon at kaalaman ukol sa ating mga programa at proyekto, local man o national na pamahalaan."

Director general Jose "Joe" Torres of the Philippine Information Agency (PIA), talked on the challenges of using artificial Intelligence (AI) in today's media. "AI has revolutionized news and data gathering through efficient automation, reduction of human error and faster results," he stressed.

Other speakers in the event were the Hon. Flordeliz Cabanlit-Fargas Trece Martires City, Cavite executive judge; Dr. Richard Nixon Gomez, general manager of Bauertek Corporation; Mel Ciriaco of Unigrow Philippines and Dr. Teresita Tabaog, DOST Region 1 director.









# Mayor Glean: Nakiisa sa 50 anibersaryo ng GEAMHS GEANHS GEABIS

Ipinabunyi ni Mayor Dennis Mojica Glean ang pagdiriwang ng limang dekada na paghahatid ng dekalidad na edukasyon sa bayan ng Bailen ng paaralang Gen. Emilio Aguinaldo Memorial High School (GEAMGS), Gen. Emilio Aguinaldo National High School (GEANHS) at GEABIS.

Sa kanyang social media page, pinuri ng alkalde ang mahalagang ambag ng paaralan sa paghubog ng maraming propesyonal at ang patuloy na pagbibigay ng de kalidad na edukasyon para sa mga kabataang Baileño.

"Talaga namang malaki ang naging parte ng paaralang ito sa nakamit na tagumpay ng mga nagtapos dito kaya bilang pagbabalik at pasasalamat ay nagkaroon ang mga alumni ng grand reunion upang makakalap ng pondo para sa lalo pang ikagaganda ng paaralan para sa mga susunod pang henerasyon ng mag-aaral,' sabi ni Mayor Glean.


Ipinangako niya ang palaging suporta ng kanyang administrasyon sa a sektor ng edukasyon sa ating bayan.

"Dahil alam ko po na mahalaga ang edukasyon para sa ikauunlad ng #BagongBailen!' sabi ni Mayor Glean. /DBCaoile










ADVISORY: Here are some important announcements from the Office of the City Building Official:

1. This is to inform the general public that starting January 1, 2024 we will strictly require architectural plans to be signed and sealed ONLY by a REGISTERED AND LICENSED ARCHITECT.

This is in line with the Supreme Court Ruling GR No. 200015 and GR No. 205846 upholding SECTION 302 par. 3 & 4 of the National Building Code of the Philippines (PD1096).

2. To ensure authenticity and legality of the documents for permit applications, effective immediately, we will ONLY accept NOTARIZED Authorization Letter or Special Power of Attorney (SPA).

Thank you for your full cooperation.

Let's Join Forces for a More Progressive City of General Trias!

#LetsJoinForces #AlagangFerrerAlagangGenTri

# Ingat, daming scam sa hiring kuno sa Canada!



**Here n There**

**ni ELI TAPARAN ii**

Here in Vancouver, walang kalatoy-latoy ang Christmas holidays dito; may pakonti-konting party ang pamilyang Noypi, pero mas inuuna nila ang trabaho, overtime at 'yung nakaluluwag, nagpa-file ng vacation para makapag-relax sa kayod-kalabaw na trabaho.

Gutom ang aabutin mo pag patambay-tambay ka lang dito, mga kabayan, at 'wag isiping pa-relax-relax lang ang mga Pinoy-Canadians at Pinoy permanent resident sa Canada.

May mga nagpapakalat ng anunsiyo na madali lang daw makakuha ng trabaho rito, hey, hey, mali po, kaya ingat, sobrang ingat sa mga naka-post sa social media na may immediate hiring na cleaner, farm worker at iba pang skilled worker.

Better, magtanong kayo sa inyong kakilala o kamag-anak na nandito na sa Canada nang hindi ma-scam.

Sobrang malamig dito, pero walang Covid-19 scare, kasi anytime, magpasabi lang sa family doctor, madali lang magpa-inject ng anti-covid, anti-flu at iba-ibang sakit, free kasi rito, walang babayaran at ang gamot, halos libre rin, may konting tax lang basta may reseta ang inyong doktor.

Tax dito, malaki ang kaltas, more or less 40 percent pero kahit na, ramdam ang pakinabang, e sa atin... alam na nyo, walang resibo, lalo na dyan sa House of Romualdez na ang inaatupag ay politika. mambabatas.

Dito, konting duda lang at naeskandalo, kusa nang umaamin at nagre-resign ang mga politiko at government employees, e sa atin, sandamakmak na ang ebidensiya, panay na ang panawagang mag-resign, inakupo, super tapang at nagde-demanda pa ng libel, at nananakot sa mga kritiko nila.

Isang huwes dito, tinikitan sa violation na mabagal magpatakbo sa pagpasok sa expressway (kabi-kabila rito ang CCTV), dapat sa merging traffic, kasabay sa mabilis na takbo ng mga sasakyan.

Si Honorable, nagbayad ng multa at nag-offer na mag-resign pero hindi tinanggap ng superior court kasi nagpakita ng kababaang-loob ang huwes.

Sa atin sa Pinas, barangay tanod lang akala mo siya na ang kapitan ng barangay, si Kap, may mga badigard.

Pinas, kailan tayo magbabago?

@@@

As this is out, maluwalhating naidaos ang ika-tatlong (?) debut ng aming makisig na brother, kasabwat at kumpare kong publisher ng BantayBalita, si Bro. Domz B. Caoile.

Pasasalamat ang pagdiriwang ng kanyang kaarawan, sa maraming dahilan: Una, ang buhay at lakas na kaloob sa kanya ng Ama sa Langit at ang patuloy na pmamagitan ng ating Dakilang Tagapagligtas, ang Panginoong JesuCristo sa lahat ng pinagdaanan at pinagdadaanan pang pagsubok ngayong taon at sa papasok na 2024.

Mas pinasaya ni Bro. Domz ang kaarawan niya nitong Biyernes, Dis. 29 sa idinaos na gift-giving at munting salo-salo at ipinamigay na aginaldo sa mga bata at mahihirap na residente ng Tabing-Ilog, Barangay Buhay na Tubig. Imus City.

Kapos man sa pinansiya, hindi naman nauubos ang malasakit sa kapwa ni Ka Domz sa mga walang-wala sa buhay.

Ano ang gift ko sa kaarawan ng ating publisher, hehehe: wala, di naman siya nag--gift sa akin noong mag-77 birthday ako noong Okt. 7, hahahaha.

Sa totoo, may gift ako sa kanya, pag may nagpahabol ng gift sa akin, kasi naubos na ang datung ko at laman ng aking pension bund, at nandito lang muna ako sa Vancouver, BC, at busy sa pagiging caretaker sa bahay ng dalawa kong anak dito at nagsa-sideline bilang caregiver sa mga apo at paminsan-minsan, cleaner at garbage collector.

Pero yung gustong mag-belated greeting sa aking 77th birthday, tumatanggap pa po ako, hehehe-he, mga bossing.

Ups, belated Happy 4th wedding anniversary po, Cavite District One Rep. Jolo Revilla at superbyuting wife niya, si ma'am Angel Revilla.

Si kabayang Sen. Bong Revilla, lolo ka uli,... congratulations!

Muli, happy birthday, kasabwat, Bro. Domz!

Thanks po sa inyong pagtangkilik sa BantayBalita, at magmensahe sa taparaneliseo@gmail.com

# Bringing healthcare to the heart of Barangay Anabu II



Last December 21, 2023, the Office of the Provincial Governor's Medical Mission Team in partnership with the Office of the Provincial Health Officer conducted a compassionate health outreach activity in Brgy. Anabu II-C in the City of Imus, providing 260 residents with free medical check-ups, consultations, and essential medicines. The program is a testament to the Provincial Government of Cavite's commitment to community health and well-being./**OPIO**

# PHAPI reports COVID uptick

The Private Hospitals Association of the Philippines Inc. (PHAPI) has reported a slight increase in the number of COVID-19 cases.

Tke uptick was noted as more Filipinos and their families gather for celebrations during the holiday season.

A report from dzBB radio said that PHAPI has noted that cases are mild, especially for patients who have been vaccinated against COVID-19.

Dr. Jose de Grano, PHAPI president, was quoted as saying the rise in COVID cases was possibly due to more gatherings being held this December.

The group expects the number of COVID-19 cases to decrease over the coming weeks, de Grano added.

# P1-M raffle prize sa Imuseno taxpaper!

Isang malaking patimpalak ang inilunsad kalahok ang lahat ng taxpayer sa Imus City.

Sa anunsiyong inilabas -- na itinapat sa mismong kaarawan ni Mayor Alex 'AA' Advincula nooong Huwebes, Disyembre 28 -- inilunsad ang proyektong " AAsenso Ka Sa Buwis Na Binayad Mo!"

Sa social media post ng alkalde, sinabi na may pagkakataong manalo ng isang milyong piso (P1,000,000.00) bilang first prize; sandaang libong piso (P100,000.00), second prize at limampung libon g piso (P50,000.00), thrid prize.

Ito ang ikalawang pagkakataon na umasenso ang mananalong taxpayer ng Imus sa Raffle Promo para sa taong 2024.

ito ang mga tuntuning dapat na sundin ng mga kalahok sa anunsiyong inilabas para sa kaalaman ng publiko.

1. Ipakita ang official receipt o resibo, sa pagbabayad ng buwis, sa Raffle Promo Task Force na nakatalaga sa tanggapan ng Pamahalaang Lungsod.

2. Ang buwis, fees at permits na nagkakahalagang P1,000.00 hanggang P5,000.00 ay may katumbas na (1) isang raffle ticket (hindi kasama rito ang surcharges, interest, at penalties).

Kapag naman ang buwis ay humigit sa P5,000.00 hanggang P10,000.00, may karagdagan na isa pang ticket.

3. Madadagdagan ng isang (1) raffle ticket sa bawat susunod na P10,000.00 na halaga.

4. Kung hulugan ang pagbabayad ng buwis, kwalipikado pa rin ang registered taxpayer o declared owner kung mababayaran ang kabuuang halaga ng buwis sa Nobyembre 30, 2024.

5. Ihulog ang raffle tickets sa mga nakatalagang drop box sa mga tanggapan ng Lungsod ng Imus.

6. Gaganapin ang raffle draw sa anumang araw sa Disyembre 2024 sa Function Hall ng Imus City Government Center.

Magdedeklara ng eksaktong araw ang City of Imus bago sumapit ang buwan ng Disyembre.

7. Ilalagay at bubunutin ang raffle tickets mula sa isang malinaw at transparent na tambiolo.

8. ISANG BESES lamang maaaring manalo ang mabubunot na kwalipikadong taxpayer.

Kung mabubunot ang pangalan nang mahigit isang beses, ang pinakamataas na premyo ang igagawad, at ang mas mababang premyo ay ibibigay sa iba pang mabubunot.

9. Sa anumang kadahilanan o pangyayari na madiskwalipika ang nanalo, hindi ito maaaring palitan ng kahit na sino man.

10. Ang City Treasurer, kaagapay ang City Accountant, ang magbeberipika at magkukumpirma sa mga impormasyong nakapaloob sa mga raffle ticket, at siya rin ang magbeberipika sa katunayan ng pagkakakilanlan ng mga nanalo sa pamamagitan ng anumang government-issued ID's, documents, papers, o instruments, gaya ng Passport, Voter's ID, at iba pa.

11. Matapos ang pagbeberipika at pagkumpirma;

a. Ipapadala ang "Notice to Claim Prize" sa registered address. Nakapaloob dito kung kailan at saan kukunin ang premyo.

b. Kinakailangang dalhin ng nanalo ang Business Permit o Tax Declaration, government-issued ID o anumang dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan, winning official receipt, at kopya ng winning raffle ticket.

c. Kung ang kukuha ay ang kinatawan ng nanalo, kinakailangang maipakita ang board resolution at special power of attorney (SPA) o SPA for an individual taxpayer para sa mga kumpanya o korporasyon.

d. Kung sakaling pumanaw, walang kakayahang pumunta ng personal, o wala na ang rehistradong taxpayer – ang mga tagapamana o Liquidating Board of Directors/Trustees ang maaaring kumuha ng premyo.

Kailangang maipakita ang Affidavit of Heirship, Board Resolution/SPA, government-issued ID anumang dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan, Certificate of Death, o anumang dokumento na nagpapatunay ng relasyon ng kukuha sa pumanaw na rehistradong taxpayer.

12. Kung hindi makukuha ang premyo makalipas ang 90 araw mula nang maipadala ang Notice to Claim Prize, mawawalan ng bisa ang pagkapanalo at hindi na ito maigagawad sa nanalong taxpayer.

Sinabi rin sa anunsiyo ang indibiwal na maaaring lumahok sa promo raffle. tulad ng sumusunod:

1. Registered taxpayer o declared owner.

2. Nagbayad ng buong local business taxes, real property taxes, permits or regulatory fees para sa taong 2024 hanggang Nobyembre 30, 2024.

3. Walang tax delinquency record or hindi pagbabayad ng buwis sa loob ng Nobyembre 30, 2024.

4. Ang kabuuang binayad ng taxpayer para sa local business taxes, real property taxes, permits o regulatory fees ay P1,000 o higit pa.

"Ang atin pong raffle period ay business year 2024, fully collected hanggang Nobyembre 30, 2024. Gaganapin naman ang ating raffle draw anumang araw sa buwan ng Disyembre 2024," sabi pa sa absip ng patimpalak.

Kasunod nito, hinikayat ang lahat ng nais sumali sa patimpalak na magbayad nang tamang buwis at manalo ng mga papremyo mula sa Pamahalaang Lungsod ng Imus! /JW BILBAO



### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF SPS. ZOILO DE BORJA & ENGRACIA R. DE BORJA

Notice is hereby given that the estate of **SPS. ZOILO DE BORJA** who died on January 10, 2010 at Indang, Cavite and **ENGRACIA R. DE BORJA** who died on January 18, 2015 at Indang, Cavite, left a parcel of land covered by TAX DECLARATION NO. AA-10 003600016 Situated in brgy. Tambo Malaki, Indang, Cavite containing an area of 3.1105 extra judicially settled among legal heirs, executed before notary public atty. FE B. AÑONUEVO under doc. No. 383 page no. 77 book no. 158 series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 18, 25, 2023 & JANUARY 1, 2024**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF TOMASA ANGUE

Notice is hereby given that the estate of the late **TOMASA ANGUE HERRERA,** who died on March 08, 1971, in Naic, Cavite left a 3 parcels of land covered by Title no. ( 0-3262 ) RT-12934 Lot no. 605, situated in brgy. San Miguel A. Maragondon, Cavite (2,286) SQM. Title no. ( A-977 ) RT-3689 Lot no. 606-B situated in brgy. San Miguel A Maragondon, Cavite ( 17,298 ) SQM. Title no. T-266 RT-1153 Lot no. 607 situated in brgy. San Miguel A. Maragondon, cavite ( 2,758 ) SQM. extra judicially settled among legal heirs, executed before notary public Atty. Jo-Ann R. Alcid under doc. No.1614 page no.8 book no. IV series of 2023 Notarized Date: March 20, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 18, 25, 2023 & JANUARY 1, 2024**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED PERSON FRANCISCO R. LIM WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **FRANCISCO R. LIM** Who Died on April 6, 2015 at Los Angeles, CA, USA Left a parcel of Land Situated in BO. Of tanzang luma, Municipality of Imus, cavite covered By transfer certificate of TITLE No. T-713040 (86) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs Executed before notary public atty. Elpidio M. Paligutan Under DOC. No. 297 Page No. 61 Book No. V Series of 2023 Notarized Date: December 6, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 11, 18 & 25, 2023**

### EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED PERSON ALFONSO BAUTISTA ORTEGA WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **ALFONSO BAUTISTA ORTEGA** who Died on November 10, 2016 at Jose R. Reyes memorial medical center Manila, Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-731754 Situated in the brgy. Mambog, Municipality of bacoor, cavite Containing an area of (44) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Fe B. AÑONUEVO Under DOC. No. 224 Page No. 45 Book No. 158 Series of 2023 Notarized Date: December 11, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 11, 18 & 25, 2023**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
DASMARIÑAS CITY, CAVITE

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Otherwise known as Pag-IBIG Fund),**
Petitioner/Mortgagee,

**File No. FC-DC-1220-23**
-versus- EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

**JOCELYN L. TUAZON (Principal Borrower) & ERNESTO T. TUAZON, JR. (Co-Borrower),**
Respondents/Mortgagors.
x--------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the petitioner/mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Otherwise known as Pag-IBIG Fund),** a government financial institution duly organized and existing under and by virtue of Republic Act No. 9679, with postal address at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, against respondents/mortgagors, **JOCELYN L. TUAZON (Principal Borrower) & ERNESTO T. TUAZON, JR. (Co-Borrower)** with postal addresses at #2552-A Zamora St., Pasay City and Lot 9 Blk. 24 Southcrest Village, San Agustin, Dasmariñas City, Cavite and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of October 27, 2023 amounts to SIX HUNDRED SIXTY NINE THOUSAND ONE HUNDRED NINE PESOS & 66/100 (Php669,109.66), exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on January 18, 2024 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter in the Court Room of Branch 90, Regional Trial Court, Ground Floor, Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Congressional Road, Burol II, Dasmariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK, in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-615882**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in the Municipality of Dasmariñas, Province of Cavite bounded and described as follows:

A parcel of land (Lot 9 Blk. 24 of the subd. plan Psd-042106-061271, being a portion of Lot 3817, Imus Estate (Rs-042106-001144), L.R.C. Rec. No. ), situated in the Brgy. San Agustin, Mun. of Dasmariñas, Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 11 Blk. 24; on the SW., along line 2-3 by Road Lot 13; on the NW., along line 3-4 by Lot 7; & on the NE., along line 4-1 by Lot 10 both of Blk. 2, all of the subd. plan. Beginning at a pt. marked "1" on plan, being S. 85 deg. 29'E., 1419.50 m. from Mon. 14'E, Imus Estate, thence S. 22 deg. 53'W., 10.00 m. to pt. 2; thence N. 67 deg. 07'W., 3.50 m. to pt. 3; thence N. 22 deg. 53'E., 10.00 m. to pt. 4; thence S. 67 deg. 07'E., 3.50 m. to the pt. of beginning, containing an area of THIRTY-FIVE (35) SQ. METERS. All pts. Referred to are indicated on the plan and are marked on the ground by PS cyl. conc. mons. 15x60 cm.; bearings true; date of orig. survey, July 27, 1905-June 11, 1908 and that of the subd. survey, Jan. 13 to Feb. 15, 1993 and was approved on

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the publication auction should not take place on the said date and time, it shall be held on February 01, 2024 at the same time and place without further notice.

06 December 2023, Dasmariñas City, Province of Cavite.

**(Sgd.) RODRIGO C. ESTOGERO, JR.**
Sheriff IV

**(Sgd.) ATTY. MARCELA L. BAYBAY**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
**(Otherwise known as Pag-IBIG Fund),**
The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

**ATTY. MELANIO A. BADENAS JR.**
**GCCS & Associates Corp.,**
Rm. 209 Megastate Bldg., No. 737 G. Araneta Ave., Talalon, Quezon City

**JOCELYN L. TUAZON (Principal Borrower) & ERNESTO T. TUAZON, JR. (Co-Borrower)**
#2552-A Zamora St., Pasay City and
Lot 9 Blk. 24 Southcrest Village, San Agustin, Dasmariñas City, Cavite

***BANTAYBALITA News Publishing Services***
***December 18, 25, 2023 & January 1, 2024***

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
DASMARIÑAS CITY, CAVITE

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Otherwise known as Pag-IBIG Fund),**
Petitioner/Mortgagee,

**File No. FC-DC-1194-23**
-versus- EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

**GIL R. CO, married to LOURDES P. CO,**
Respondent/Mortgagor.
x--------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the petitioner/mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (Otherwise known as Pag-IBIG Fund)**, a government financial institution duly organized and existing under and by virtue of Republic Act No. 9679, with postal address at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, against respondent/mortgagor, **GIL R. CO, married to LOURDES P. CO** with postal addresses at Lot 23 Blk. 13, Phase III D., Kaunlaran Village, Kalookan City and Lot 14 Blk. 1, Mabuhay Homes 2000 Dasmariñas, Brgy. Paliparan, Dasmariñas City, Cavite and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of October 11, 2023 amounts to TWO HUNDRED FIFTY NINE THOUSAND NINE HUNDRED NINETY EIGHT PESOS & 45/100 (Php259,998.45), exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on January 18, 2024 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter in the Court Room of Branch 90, Regional Trial Court, Ground Floor, Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Congressional Road, Burol II, Dasmariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK, in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-659411**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in the Municipality of Dasmariñas, Province of Cavite bounded and described as follows:

A parcel of land (Lot 14 Blk. 1 of the cons./subd. plan, Pcs-04-011234, being a portion of the cons. of Lot 7, Pcs-042106-008804, Lot 4, Pcs-04-003272, Lot 7228-A, Psd-04-022816 (Rs-04-002224), and Lot 6995-N, Imus Estate, (Rs-04-00219) L.R.C. Rec. No. ), situated in the Brgy. Paliparan, Mun. of Dasmariñas, Prov. of Cavite. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 10, Blk. 1; on the NE., along line 2-3 by Footpath 7; on the SE., along line 3-4 by Alley 2; on the SW., along line 4-1 by Lot 13, Blk. 1; all of the cons./subd. plan. Beginning at pt. marked "1" on plan being, S., 13 deg. 14'E., 2191.49 m. from. Mon. No. 163, Imus Estate; thence N. 72 deg. 35'E., 7.00 m. to pt. 2; thence S., 16 deg. 50'E., 8.80 m. to pt. 3; thence S., 73 deg. 10'W., 7.00 m. to pt. 4; thence N., 16 deg. 50'W., 8.73 m. to pt. of beginning, containing an area of SIXTY ONE (61) SQUARE METERS. All pts. referred to are indicated on plan and are marked on the ground by P.S. cyl. conc. mon. 15 x 60 cm; bearing true date of original survey, July 27, 1905-June 11, 1908 and that of the cons./subd. survey, Sept. 2-28, 1995 and was approved on Dec. 22, 1995.

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the publication auction should not take place on the said date and time, it shall be held on February 01, 2024 at the same time and place without further notice.

06 December 2023, Dasmariñas City, Province of Cavite.

**(Sgd.) RODRIGO C. ESTOGERO, JR.**
Sheriff IV

**(Sgd.) ATTY. MARCELA L. BAYBAY**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
**(Otherwise known as Pag-IBIG Fund),**
The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

**ATTY. AIRISA FE ESPERANZA D. MOLAER**
**Alexis A. Molaer Law Offices,**
Lex Citadel Bldg., No. 7 La Salle St., Brgy. Silangan, Cubao, Quezon City

**GIL R. CO, married to LOURDES P. CO**
Lot 23 Blk 13, Phase III D., Kaunlaran Village, Kalookan City and Lot 14 Blk. 1, Mabuhay Homes 2000 Dasmariñas, Brgy. Paliparan, Dasmariñas City, Cavite

***BANTAYBALITA News Publishing Services***
***December 18, 25, 2023 & January 1, 2024***

# Happy New Year 2024. Mabuhay, Pilipinas!


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 13 10.00 DECEMBER 25 - 31, 2023


# Awardee na po tayo!--Mayor Salamat

Buong katuwaang ibinahagi ni Alfonso Mayor Randy Salamat ang tinanggap na parangal ng munisipalidad sa unang pagkakataon.

Sa kanyang Facebook page, sinabi ng masipag na alkalde na natupad din ang matagal niyang pangarap na maging isang SGLG awardee ang Alfonso.

" Isa na namang po sa mga parangal natin ang natupad!" wika ni Mayor Salamat.

"First time ng Alfonso! SGLG Awardee na po tayo. Ang parangal na ito po ay patunay na ang ating bayan ay may matapat at mahusay na Pamahalaang Lokal.

Ito po ang kauna-unahang pagkakataon na nakamit ng Alfonso ang 2023 Seal of Good Local Governance," sabi ng alkalde sa kanyang FB post.

Ibinahagi ni Mayor Salamat ang natanggap na award sa lahat ng katuwang na opisyal at kawani ng pamahalaang lokal, aniya: "Hindi po natin ito maisasakatuparan kung wala ang kooperasyon at responsableng serbisyo ng bawat kawani ng Pamahalaang Bayan at syempre ng ating mga minamahal na Alfonseños."

Aniya pal " Ito po ay para sa Alfonso at para sa bawat Alfonseño!"

Kasama sa pagtanggap ng award ai si Vice Mayor Madonna Mojica-Pel at si Afonso MLGOO, Ms. Christine B. Sierra.

@@@

Walang umuwing luhaan, sabi nga, sa masayang Christmas party ng Cavite Press Corps (CPC) na idinaos Miyerkoles, Dis. 27 sa Palacio ni Noveleta Mayor Dino Reyes-Chua na pangunahing sponsor ng kasayahan.

Sinimulan ng 5pm to 8pm, bumaha ng aginaldong groceries, goodies, ham, mga home appliances tulad ng gas stove, electric fan, rice cooker at LED TC at iba.

Literally, nabusog ang tropang media sa dami ng pagkain, litsong baboy, manok, seafoods, at iba-ibang putaheng masasarap. at may mga tumanggap ng bigas, cash na mula sa mga politikong ayaw nang magpabanggit ng pangalan, mga kapitan ng barangay at iba pang indibidwal.

"Maraming-maraming salamat po, Merry Christmas sa ating lahat," sabi ni CPP President Ross Calderon sa mga sponsor ng Christmas party ng samahan.

















WE HEARD YOU ❣️❣️❣️

Due to insistent request, we have decided to open our farm for DAY TRIPS!!!

Hoooooorayyyyyy!!!!😊

Our goal is to be a place of love and joy where guests come to spend time to enjoy themselves and enjoy nature. Starting August 25, 2023, families can now enjoy the ff. activities:

◈Animal Farm Tour and Feeding ◈ATV Ride◈Go Cart

◈Horse Back Ride◈Fishing

◈Billiards, Dart and Table Tennis ◈Dining

Prior booking is required. Hurry!! Call us today!

📞 +63 939 991 3468

☎️ (046) 4020252

📧 ejplayandcampground@gmail.com

Location: Malagasang 1, Imus, Cavite